Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-107 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-9 NA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 17 SETYEMBRE 2018, IKA-1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos - Tagapangulo
Konsehal David D. De La Cruz
Konsehal John-John S. Yason
Konsehal Agustin I. Cusi
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay,Jr.
Konsehal Celso M. Dimapilis - Pangulo, Liga ng mga Barangay (OB BNEO)
Konsehal Elmira May V. Tarac - Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan (OB-BNEO)

KAPASYAHAN BLG. 090
Taong 2018

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG SPO4 PABLO F. FAMINIAL NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T si SPO4 Pablo "Badoy" F. Faminal ay naglingkod bilang isang alagad ng batas sa napakahabang panahon;

SAPAGKA'T ang paglilingkod niyang ito bilang tagapaglingkod ng kapayapaan at kaayusan ng bayan ay nagsimula noong Agosto 1, 1971 hanggang sa kanyang pagri-retiro noong December 27, 1997 bilang isang Senior Police Officer 4;

SAPAGKA'T sa buong panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, hindi niya inalintana ang mga panganib sa kanyang buhay upang maisagawa lamang ang nararapat para sa ikabubuti ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa kanyang pamilya at mga kaanak, gayundin sa mga dating kasamahan sa tanggapang kinabibilangan;

CESAR T. BATICOS

MARIA MAHARLIKA M. FABIC

SAPAGKA'T ang Sangguniang Dayang ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya at mga kaanak ng namayapang SPO4 Pablo F. Faminial.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng pumanaw na SPO4 Pablo F. Faminial ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng yumaong SPO4 Pablo F. Faminial lakip ang taospusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY: 17 Setyembre 2018

PINATUTUNAYANG WASTO:

MARIA MAHARLIKA M. FABIC
Tumayong Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan

mara/091718